Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Paggamit ng Panlaping Makadiwa

Kakayahan: Nakabubuo ng salitang sa tulong ng panlapi; Nagagmit ang iba't ibang uri ng panlapi sa pagbubuo ng mga pandiwa

Lagyan ng angkop na panlaping makadiwa ang salita sa loob ng panaklong at isulat ang pandiwa sa patlang upang mabuo ang pangungusap.

1. Wala kaming masakyan na dyip kanina kaya (lakad) _____ kami pauwi.
2. Si Kuya Bert ang (maneho) _____ ng van papunta sa Tagaytay bukas.
3. (abang) _____ mo sa harap ng bahay mamayang hapon ang pagdaan ng trak ng basurero.
4. Nakita ko na (lipad) _____ patungong silangan ang eroplano.
5. (kain) _____ mo ba itong huling piraso ng *chocolate* keyk?
6. Matapang na (laban) _____ ang mga Pilipino sa mga dayuhang mananakop.
7. (Iyak) _____ ang bata nang iwan siya ng kanyang nanay.
8. Huwag kang (takot) _____ sa mga taong nakamaskara.
9. (gulat) _____ sina Tatay at Nanay sa sorpresang pagdiriwang na inihanda namin para sa kanila.
10. (laro) _____ muna kayo sa sala habang hinahanda ko ang hapunan natin.
11. (hiram) _____ ni Ate Maria ang diksiyonaryo natin kahapon pero isinauli niya na ito.
12. Dapat ay (parusa) _____ ang mga tiwaling opisyal sa pamahalaan.
13. Labis ang saya ni Marianne dahil (kamit) _____ niya ang unang gantimpala sa paligsahan.
14. Ang buong mag-anak ay (dasal) _____ tuwing bago matulog sa gabi.
15. Ang mamamayan na may disiplina ay laging (tawid) _____ sa tamang lugar.

© 2013 Pia Noche